# Hotel gagamitin para sa mga PUIs sa QC

Pangangasiwaan ng Quezon City government na parang ospital ang isang hotel sa lungsod na sinimulang gamitin kahapon para sa mga person under investigation (PUIs) kaugnay ng COVID-19.

Ayon kay Mayor Joy Belmonte, ang mga health workers tulad ng mga doctor at nurse ang itatalaga sa hotel para mangangalaga sa mga PUIs ng QC.

Sinabi ni Belmonte na minabuting ilagay sa hotel with zero guest ang mga PUIs dahil sa masikip na at hindi na kaya ng ibang pagamutan na pangalagaan ang mga ito.

Kaugnay nito, sinabi ni Dr. Rolly Cruz, head Epidemiology Department ng QC na mas mainam na dito mailagay ang mga PUIs dahil hindi pa naman sila nakukumpirmang positive sa COVID at upang hindi mahawa sa mga pagamutan na mga COVID-19 patients na.

Anya, isang pasyente sa bawat kuwarto ng hotel na may 49 rooms. Ang mga kuwarto ay may sariling CR, maayos na kama, may aircon at libre silang mamamalagi doont.

Binanggit din ni Belmonte na anumang araw ay sisimulan na ring tirahan ng mga health workers ang isa pang hotel sa QC upang mabilis ang mga itong makatutugon sa health needs ng mga pasyente. *(Angie dela Cruz)*